

**Presidential Communications Operations Office
News and Information Bureau**

PUBLIC BRIEFING #LAGING HANDA PH HOSTED BY SECRETARY MARTIN ANDANAR AND USEC. ROCKY IGNACIO DEPARTMENT OF TRADE AND INDUSTRY SECRETARY RAMON LOPEZ, PHILIPPINE AMBASSADOR TO PARIS, FRANCE MARIA THERESA LAZARO, PRESIDENTIAL ANTI-CORRUPTION COMMISSIONER GRECO BELGICA, NFA ADMINISTRATOR JUDY CAROL DANSAL AND MMDA SPOKESPERSON CELINE PIALAGO

April 15, 2020 (11:02 A.M. – 12:15 P.M.)

SEC. ANDANAR: Isang mapagpalang araw sa mga minamahal kong mga kababayan sa iba't ibang panig ng mundo, ganoon din po sa lahat ng mga nakasubaybay ngayon sa kani-kanilang mga telebisyon, radyo at online streaming.

Muli nating sisikapin na sasagutin ang mga katanungan at agam-agam ng ating mga kababayan kaugnay sa sakit na COVID-19.

Sa ngalan po ng People's Television Network, Philippine Information Agency, Philippine Broadcasting Service at Radyo Pilipinas network nationwide, crisis communications platform na Laging Handa PH, Radio Television Malacañang at sa pangunguna ng Presidential Communications Operations Office, ito po ang inyong lingkod, Secretary Martin Andanar.

USEC. IGNACIO: At mula pa rin po sa PCOO, ako naman po si Undersecretary Rocky Ignacio, kasama ninyong makikialam at makikiusisa sa mga pinakahuling balita tungkol pa rin sa COVID-19. Dito po ay magkakaroon ng pagkakataon ang ating mga kababayan na ilahad po ang kanilang mga saloobin pagdating po sa health crisis na kasalukuyan nating nararanasan, hindi lamang po sa Pilipinas kung hindi sa buong mundo.

SEC. ANDANAR: Basta't laging handa at sama-sama, kaya natin ito. Kaya naman, bayan, halina at samahan ninyo kami dito sa Public Briefing #Laging HandaPH.

USEC. IGNACIO: Secretary, silipin na natin ang pinakahuling bilang ng mga kaso ng COVID-19 sa bansa. Lumagpas na po sa 5,000 mark ang bilang ng confirmed cases sa Pilipinas, kung saan as of yesterday, April 14, 2020 ay nasa 295 patients na po ang gumaling, habang 335 naman po ang pumanaw. Mapapansin po natin na tuluy-tuloy ang pagtaas ng bilang ng mga nakaka-recover araw-araw kung saan po kahapon ay naitala po ang pinakamataas na bilang nito na umabot sa 53 patient recovery.

Sa kabilang banda naman po ay taas-baba naman po ang bilang ng mga kaso ng nasawi dahil sa COVID-19. Mapapansin po, noong April 8 ay walo lamang po ang naitalang namatay habang noong April 12 naman po ay pumalo ang bilang nito sa limampu. Paulit-ulit pong aming paalala, huwag maging kampante habang nananatilli ang banta ng COVID-19, panatilihin ang social distancing, manatilli sa ating mga tahanan at ugaliin ang paghuhugas ng kamay.

SEC. ANDANAR: Samantala, sa buong NCR naman ay nangunguna pa rin ang Quezon City sa may pinakamaraming kumpirmadong kaso ng COVID-19 na may 956 confirmed cases, sinusundan ito ng Maynila, Parañaque, Makati at Mandaluyong.

Sa mga probinsiya naman sa labas ng Metro Manila ay nananatili ang Rizal sa may pinakamataas na confirmed cases na may 290 patients. Sinusundan ito ng Laguna, Cavite at Bulacan, habang ang Davao del Sur naman ang probinsiyang may pinakamataas na kaso ng COVID-19 sa labas ng Luzon.

Ayon sa Johns Hopkins University and Medicine, nangunguna ang Pilipinas sa ASEAN region with the highest confirmed COVID-19 cases, habang nasa pangalawang puwesto ang Malaysia na may 4,987 cases.

Kaugnay niyan, kahapon ay nagkaroon ng virtual meeting ang ASEAN leaders, kabilang si Pangulong Duterte, kung saan iginiit niya na dapat ay maging bukas ang buong rehiyon sa trade o pakikipagkalakal upang masiguro ang maayos na pagdaloy ng supply ng mga produkto para masiguro rin ang food security sa bawat bansa.

Sinabi rin ng Pangulo na kailangang paigtingin ang produksiyon ng mga gamot, bitamina at medical equipment at supply sa buong rehiyon sa gitnang shortage ng mga nasabing produkto na nararanasan natin ngayon.

Mahalaga rin ang vaccine research and development, kaya naman ayon sa Pangulo ay makikiisa ang Pilipinas sa mga clinical trials na gagawin para sa COVID-19 treatment.

Pinasalamatan din niya ang mga karatig-bansa natin sa ASEAN kasama ang tatlong dialogue partners na China, Japan at South Korea sa pag-aabot ng tulong ng mga ito sa ating bansa sa gitna ng ating laban sa COVID-19.

USEC. IGNACIO: Para naman po sa world count ng COVID-19, as of 6:30 A.M. ngayong araw ay mayroon nang 1,970,879 confirmed cases ng COVID-19 sa buong mundo. Nangunguna pa rin po ang Estados Unidos sa may pinakamaraming kaso na sinundan ng Spain, Italy, France at Germany. Nasa ikapitong spot naman ang China kung saan sinasabing nagsimula ang pagkalat ng sakit, habang ang Pilipinas naman ay nasa ikatatlumpu't limang puwesto sa may pinakamataas na kaso sa buong mundo.

SEC. ANDANAR: Para po sa inyong mga katanungan at concerns tungkol sa COVID-19, maaari pong i-dial ang 02-894-COVID o kaya 02-894-26843. Para naman sa mga PLDT, Smart, Sun at TNT subscribers, i-dial po ang 1555. Maaari rin ninyong tawagan ang hotline numbers ng iba't ibang ahensiya ng ating pamahalaan na makikita ninyo sa inyong TV screens.

Oras po natin, alas onse y otso ng umaga. Patuloy po kayong makibalita sa mga pinagkakatiwalaang sources ng impormasyon tungkol sa COVID-19, maaari ninyo pong bisitahin ang www.doh.gov.ph/covid19tracker or puwede po sa www.covid19.gov.ph

USEC. IGNACIO: Samantala, kasama nating kakalap ng mga pinakahuling balita sina John Mogol mula po sa Philippine Broadcasting Service, Breves Bulsao mula sa PTV Cordillera, Regine Lanuza mula sa PTV Davao, at si John Aroa mula sa PTV Cebu.

SEC. ANDANAR: Makakasama po natin sa ating Public Briefing ngayong umaga sina Secretary Ramon Lopez ng Department of Trade and Industry; Philippine Ambassador to Paris, France, Maria Theresa Lazaro; Presidential Anti-Corruption Commissioner Greco Belgica; at si NFA Administrator Judy Carol Dansal. Kasama rin po si MMDA Spokesperson Celine Pialago.

And of course, kasama rin nating naghahatid ng impormasyon araw-araw ang Filipino Sign Language Access Team for COVID-19. Maraming salamat po sa inyong tulong.

Para naman po sa ibang balita: Pangulong Rodrigo Roa Duterte inaprubahan ang programang magbibigay ayuda para sa mga empleyado ng micro, small, medium enterprises (MSME). Ayon sa nagbabalik na Presidential Spokesperson Harry Roque, maglalaan ng 38.5 to 50 billion pesos na ayuda ang pamahalaan para sa programang Small Business Wage Subsidy (SBWS), kung saan 3.4 million affected employees ng MSME ang mabibigyang ayuda ng five to eight thousand pesos per month sa loob ng dalawang buwan.

Klinaro naman ni Secretary Roque na ang mga manggagawang nasa ilalim ng programang DOLE COVID-19 Adjustment Measures Program (DOLE CAMP) ay makakatanggap ng isang buwang ayuda lamang sa ilalim ng SBWS para maiwasan ang pagdoble nito.

Ayon naman kay Finance Secretary Carlos Dominguez na asahan pa ang mga dagdag na programa para sa mga empleyado ng maliliit na negosyo sa susunod pang mga araw. At patuloy din aniya na pinag-aaralan ang mga posibleng paraan para mabigyang ayuda ang lahat ng middle class families sa buong bansa.

USEC. IGNACIO: Samantala, Philippine Amusement and Gaming Corporation nag-remit ng dagdag na six billion pesos sa Social Civic Fund Projects ng Office of the President. Ito po ay bukod pa sa nauna ng 20.5 billion pesos na kabuuang remittance ng PAGCOR para ilaan sa mga proyekto ng pamahalaan laban sa COVID-19.

Ayon kay PAGCOR Chairman and CEO Andrea Domingo, ito po ay alinsunod din sa kanilang mandato na ilaan ang mga kita nito para pondohan ang infrastructure at socio-civic projects ng pamahalaan.

Dagdag pa niya, patuloy pa rin ang kanilang pagsisikap na makatulong sa kabila ng tigil operasyon sa kanilang mga gaming facilities.

Bukod sa remittance, tuluy-tuloy din ang tulong na kanilang ibinabahagi sa pamamagitan ng pagdo-donate ng food packs, personal protective equipment at iba pang medical supplies sa mga frontliners at ospital sa buong bansa.

Pinasalamatan naman ni Deputy Executive Secretary for Finance and Admin Rizalina Justol ng Office of the President, ang patuloy na pagsuporta ng PAGCOR sa lahat ng mga programa at proyekto ng pamahalaan.

SEC. ANDANAR: Pinapasalamat din natin, Rocky, ang ating mga kasama sa Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas sa kanilang patuloy na pag-hook up, pag-simulcast ng ating programang Public Briefing, hindi lang sa Metro Manila kung hindi sa buong Pilipinas.

Salamat din sa ating mga kasamahan diyan sa GMA7, sa DZBB at sa ating mga kaibigan diyan sa DZMM Teleradyo, sa Bombo Radyo at sa DZRH.

Samantala, Rocky, simulan na natin ang Public Briefing. Makakapanayam natin ngayon si Trade Secretary Ramon Lopez. Magandang umaga sa iyo, Sec. Mon.

SEC. LOPEZ: Hello, magandang umaga ho sa inyong lahat. Magandang umaga, Sec. Martin at Usec. Rocky.

SEC. ANDANAR: Sec. Mon, sa pag-extend ng Luzon-wide ECQ hanggang April 30, nagtalaga rin ng 30-day extension ang DTI para sa pagbabayad ng renta, rent o iyong upa. Does this apply to both commercial and residential rental fees, Secretary Mon?

SEC. LOPEZ: Yes, Sec. Martin. It applies to both, residential rent at saka commercial rent. Mula doon sa Bayanihan Act na nilabas po ni Pangulong Duterte mga three weeks ago, kasama po doon ang pagbigay ng grace period ng mga residential rents. Ibig sabihin, iyong mga nangungupahan po sa kanilang pang-araw-araw na tirahan ay makakatikim po ng grace period. Ibig sabihin, hindi sila magbabayad muna for 30 days mula sa huling rental na due. So ngayong in-extend ang ECQ hanggang April 30, ibig sabihin kung anuman ang pinaka-last rental due date, doon tatakbo iyong 30-day grace period. Iyon po 'yung nilagay natin sa guidelines na nilabas po ng Department of Trade and Industry na na-assign mag-issue ng guidelines tungkol dito.

Kasama na rin po dito iyong pag-extend ng grace period pati sa mga commercial establishment, commercial rents na magbi-benefit naman po ang mga micro SME natin para ho sa kanilang maluwag na cash flow at hindi po sila sisingilin ngayon pong naka-ECQ, naka-45-day ECQ tayo. At ibig sabihin din po nito ay may 30 days na grace period mula sa huling due date ng rental nila. So since na-extend tayo hanggang April 30, ang ECQ, doon tatakbo iyong 30-day grace period mula doon sa huling due date. So kung ang due date niya, let's say, ang pinakahuli ay April 25, so 30 days from April 25 sila magbabayad muli ng kanilang rent for both commercial and also residential.

At ginawa na rin po natin para magaan ay iyong kung anuman ang due na amount dito po sa one and a half month na Enhanced Community Quarantine, iyon pong amount na iyon ang idi-divide by six para ho payable siya in the next six months para ho siya po ay parang installment, para ho hindi mabigat din doon sa magbabayad. At the same time, hindi naman ho one-sided ito, at least iyong nagpapaupa rin, hindi naman ho sa kaniya kinaltas iyong amount na ito kung hindi babayaran din naman ito sa kanila. Kaya lang nga ay may konting paluwag doon sa bayarin para ho hindi ho mabigat doon sa mga kawawa na mga kababayan natin na umuupa both for residential and for commercial or pangnegosyo.

SEC. ANDANAR: Sec. Mon, ano ang magiging sanction doon sa mga lalabag sa 30-day grace period na ito, itong rental payment na bibigyan ninyo ng 30 days? So halimbawa ay kung hindi naman sinunod, ano pong parusa na ibibigay po ng DTI?

SEC. LOPEZ: Nakasaad po sa batas na mayroon ho itong two years to five years na pagkulong or at least kung puwedeng mapag-usapan naman ito at puwedeng penalty lamang. Immediate complaints can be filed sa Department of Trade and Industry, sa Consumer Complaints Division at parang ito ho ay puwedeng magkaroon ng mediation muna doon. Kung hindi pa rin ho talaga makikipag-ayos, actually puwede mong kasuhan iyong hindi susunod dito sa batas na ito, kasi batas po ito. So may penalty at mayroon pong [garbled] ...

USEC. IGNACIO: Opo. Secretary, kaugnay pa rin ng extended ECQ. Dinagdagan din ng DTI ang mga produktong nakapaloob po sa anti-hoarding at anti-panic buying. Anu-ano po iyong mga ito?

SEC. LOPEZ: Hindi ko ho dala ngayon iyong listahan, pero sa pagkaalala ko po, this covers even iyong mga ibang delata na—dati ho kasi ay mga canned goods, processed meats; dinagdag din po ang mga ibang produkto like sardinas, mga hygienic products. Nandiyan din po iyong mga alcohol, mga iba hong mga pangunahing bilihin na nilagyan na lang ho natin ng limit.

USEC. IGNACIO: Opo. Secretary, may ilang katanungan tayo mula sa ating mga kasamahan sa media. From Shiela Francisco ng TV5: *"Bakit po nagkakaubusan pa rin ng stocks sa ilang*

supermarket despite the limited purchase ng ilang goods and sa kabila pa rin po ng claims na nag-improve na ang cargo movement?"

SEC. LOPEZ: Oho. Actually nag-improve ho iyong cargo movement, but dahil ho ni-require din nating mag-skeletal workforce iyong mga kumpanya. Kaya ho kung maalala po ninyo, siguro ho mga magtu-two weeks na bago mag-Holy Week, tayo po'y nag-issue rin ng panibagong polisiya diyan to allow above 50% workforce. Kasi kung maalala ninyo doon sa unang dalawang linggo ng pag-implement ng ECQ, naka-skeletal workforce po ang mga naturang operation. But again, dahil sa maraming kahilingan from the food sector, sabi nila para talaga ma-sustain natin iyong output ng ating mga kumpanya, lalo na dito sa mga critical products, kailangan talaga we had to go beyond the 50% na skeletal workforce.

So mula ho noon, siguro mga third week, mga two weeks ago ho ay atin hong pinayagan nang mag-go above 50%. In fact, iyong iba ay operating 80 to 90 percent. So makakahabol na po tayo doon sa mga supply ng mga ibang operation ng mga ibang produkto dahil we allowed them already to operate at a capacity. And therefore, kung anuman iyong shortages na konting nararamdaman ay dahil lamang ito doon sa maikling pag-limit sa output po nila dahil doon sa sinundan natin iyong skeletal workforce requirement para may social distancing.

Ngayon, ang ni-require ho natin, kahit lumagpas sa 50%, requirement pa rin mag-social distancing, mag-redesign sila ng kanilang operations. Pero ang importante ho, hindi ho tayo magkaroon ng shortage.

Doon naman ho sa mga produkto like alcohol—sa pagkain ho, wala tayong problema, marami ho. In fact, mga 80 to 90 percent ang production capacity/utilization ngayon ng mga operations ng food companies. The raw materials and inputs nila na nakaimbak, mga 45 days, more than one month po ang kanilang raw materials. Ibig sabihin, marami ho talaga tayong pagkain na ginagawa at iyong iba na mga imbentaryo na, nakagawa na. So distribution na lang ho ang problema.

And then iyon nga po, pagdating naman ho doon sa mga alcohol, talaga hong naghahabol ho ng supply talaga ngayon dahil ang demand ho ay talagang lumaki nang todo. Ang sabi ho nung isa sa manufacturer ho, iyong demand ho sa kanila ng isang taon, last year, 2019, actually kayangkaya ng two months. Kaya ho ganoon kabilis iyong demand ngayon, two months pa lang ng 2020, itong March at April or bago pa mag-March at April ay naramdaman na nila iyong dami ng demand versus iyong supply nila na kung tutuusin, buong taong supply po nila iyon.

Kaya ho marami hong nagtu-24-hour operation ngayon, pero sa tingin natin nagkukulang pa, not enough. Nagkaka-supply ho sila, pero oras na paglapag ng supply sa groceries at supermarkets, mabilis hong nauubos kahit may tig-dadalawang limit. So ganoon ho kalakas iyong demand. Kaya we invite other manufacturers, marami hong sumama na ho dito. Dati hindi manufacturer ng alcohol that are producing alcohol then San Miguel Corporation, Destileria Limtuaco, they are all producing alcohol now para ho makadagdag sa supply. So mag-aabot-abot po iyan, huwag ho silang mag-alala.

USEC. IGNACIO: Opo. Ang tanong po ni Joyce Balancio nga ng DZMM may kaugnayan diyan. Eh kumusta naman daw po kasi iyong supply pati ng facial mask at alcohol ngayon sa merkado? Itataas pa po ba nila iyong SRP para dito sa mask at alcohol?

SEC. LOPEZ: Sa ngayon ho, wala hong pagtaas. Ang nangyayari ho ngayon, aside from nakakuha tayo ng malaking allocation mula dito sa mga local producers that are exporting in the

past, nagbigay na ho sila ng ... iyong kanilang total production in their plant, in-allocate na po nila sa Pilipinas. So iyong dating nakukuha nating two million, dati ho nakakakuha tayong two million pieces of mask, pero obviously nakita natin kulang pa dahil napupunta ho karamihan niyan sa mga healthworkers, DOH and Red Cross ho iyong unang sinusuplayan. Mayroong nagsu-supply sa drug store pero very limited.

Now, we are allocated 10 million pieces per month, pero kukulangin pa rin ho iyon. Kaya mayroon pang ibang mga producers kaming nakausap na dati hindi nagpo-produce, ngayon they are producing – may listahan po kami niyan. Iyong iba po, mga exporter din at mga other manufacturers.

Ang ginawa po ng DTI kasi, itong mga manufacturers or exporters, ini-encourage po sila mag produce ng mga medical equipment or devices na kailangan ngayon. Tulad po iyong isa nating top exporter ng electronic products, sila po, ibang linya nila ay ipo-produce ngayon mga ventilators.

Iyong iba naman, gagawa din ng mga 2.5 million masks additional per month; other companies are doing the same. At iyong isa pong grupo ng confederation of wearables ay – confederation ito ng mga garment exporters – sila po iyong nag-commit ngayon. In fact nagpo-produce na sila ngayon ng mga PPEs na ino-order po ng mga hospitals. Dito po 10,000 a day ang kanilang capacity.

So they are able to repurpose. Parang noong mga World War I, World War II, iyong mga manufacturers started to produce kung ano iyong mga materials and equipment na kailangan sa mga panahon noon. So ganoon iyong ginagawa natin ngayon sa mga manufacturers, many of them are producing medical equipment, medical devices.

So we will see more of the masks. Pati iyong ating maliliit na SMEs, iyong mga shared service facilities ng ating regional operations po ng DTI, they are now producing also iyong mga masks na gawa sa tela at nilalagyan na lang po ng mga filter para po maging effective po sa panlaban against COVID.

USEC. IGNACIO: Opo, tanong naman po mula kay Joseph Morong ng GMA 7. Our finance charges from credit card waived during the ECQ period because apparently, a lot of banks still collect that despite the grace period. What can be done if the banks already collected that amount?

SEC. LOPEZ: Dapat po waived iyan kasi balewala iyong pagka-grace period kung matsa-charge din tayo ng finance charges. Iyon po ay nasa IRR na inisyu ng Department of Finance at kasama rin po ito sa nakasaad sa batas. So dapat pong sumunod ang mga bangko at mga credit card companies. Kahit consumer loans iyan, kahit car loans, naka-waive po ang mga interest at charges at naka-deferment or grace period iyong bayad ng amortization. Puwede silang mag-request ng reverse, iyon po ay nare-request sa mga credit card. Kunwari nakita nila sa billing na may na-charge na finance charge, puwede pong i-request ng reversal of charges.

USEC. IGNACIO: Secretary, may pahabol na question po si Joseph Morong, iyong tungkol pa rin sa rental. Papaano naman daw po iyong mga nagpapa-rent na doon po umaasa sa kita?

SEC. LOPEZ: Kaya po ang panuntunan or ang polisiya is grace period lang dahil we realized na hindi lahat ng nagpapaupa ay iyong mga malalaking landlord, iyong iba doon lang umaasa at

maliliit na mga lessor. Kaya po hindi naman kinaltas or winaive iyong kabayaranang upa, kung hindi idinefer para matulungan iyong mga umuupa; pero babayaran pa din sila.

So I guess, kung talagang wala na silang ibang pinagkakakitaan at ito lamang, siguro makikipag-usap na lang sila sa kanilang mga pinapa-upa kung pupuwedeng i-advance. Iyong mga ganoon arrangement, puwede naman po iyon kung talagang kakailanganin din ng mga nagpapaupa. Pero ngayon po ang nasa batas ay naka-waive po talaga iyong bayaran sa upa.

SEC. ANDANAR: Maraming salamat sa inyong panahon, Secretary Mon Lopez. See you later, Sec. Mon.

SEC. LOPEZ: Maraming salamat po, Sec. Martin, Usec. Rocky.

SEC. ANDANAR: Sa ngayon naman ay kumustahin natin ang lagay ng ating mga kababayan sa Pransiya. Makakapanayam natin si Philippine Ambassador to France, ang ating kaibigang si Ambassador Ma. Theresa Lazaro. Magandang umaga po mula dito sa Pilipinas.

AMBASSADOR LAZARO: Magandang umaga po sa inyo, Secretary Andanar and Usec. Rocky.

SEC. ANDANAR: Ambassador, kumusta po ang general welfare ng ating mga kababayang Pilipino na naninirahan po at nagtatrabaho diyan sa France sa gitna ng COVID-19 threat?

AMBASSADOR LAZARO: Okay, salamat po sa inyong tanong at binigyan rin po ninyo ako ng pagkakataon na masabi ang kalagayan ng mga kababayan natin dito.

Sa more or less po na 25,000 na mga Pilipino dito sa buong Pransiya, ang aming impormasyon na natanggap ay mga 11 ang ... anim dito ay nasawi. Ang iba po naman ay naapektuhan ng COVID-19, but marami rin sa kanila ang slowly recovering. Ito po kasing ating mga kababayan, karamihan sa kanila ay, well, some are professionals. Iyong iba po sa service staff na tumutulong po sa mga household ng mga French people. Pero dahil po dito sa lockdown, ito po ay napaka-istrikto ng lockdown dito dahil nag-umpisa pa po ito ng 17th March at ang presidente ng France, si President Macron ay in-extend po ito hanggang May 11. Hindi pa rin nga daw sigurado kung hanggang kailan pa ang extension nitong lockdown.

Itong lockdown na ito ay talagang napakahigpit dahil pangatlo po kami ... siguro pagkatapos ng Italy at saka Spain, ang France po ay medyo malaki ang naapektuhan sa populasyon. Sa totoo lang po, as of yesterday may humigit kumulang 16,000 ang namatay na dito sa Pransiya. So dahil po dito sa lockdown na ito, medyo marami tayong mga kababayan na hindi makatrabaho dahil nga very strict ang mga police na nagbabantay sa mga daan para walang lumabas.

SEC. ANDANAR: Ambassador, isa sa tinuturing na highly efficient ay ang French Health care system sa buong mundo and yet ikaapat po sa may pinakamaraming kaso ng COVID-19 all over the world. Papaano po ginawa ng French government ang alagaan ang kanilang mga kababayan during this time or noong nagsimula po itong COVID-19?

AMBASSADOR LAZARO: Sa health system po nila dito sa sitwasyon ng COVID-19, ang sinasabi po ng French authorities ay kung asymptomatic at walang sintomas ang isang tao, isang indibidwal, ang pinapayo lang nila ay to stay home, huwag umalis ng bahay sapagkat nga po ang hospitals are overwhelmed, punung-puno po.

In fact, ilan sa may sakit nila ay pinapadala nila sa Germany or Switzerland na apektado rin naman iyong mga bayan na iyon. So ang binibilin po natin sa mga kababayan natin, kung kayo po ay walang sintomas, then try to just stay home and i-quarantine ninyo ang sarili ninyo ng 14 hanggang 21 araw. However, kung may nararamdaman at medyo kunwari ito na po iyong mga sintomas kagaya ng lagnat o pananakit ng katawan, puwede pong tumawag sa tinatawag nilang SAMO or parang 911 po sa atin at sa ibang bayan. Ang number po ay 15, kapag tumawag kayo doon may darating na ambulansiya, may doctor doon at titingnan ka. Kapag ang sitwasyon ay malala, doon pa lang dadalhin ang isang tao sa kanilang mga ospital.

Iyon po ang sitwasyon ng health system, dahil po overwhelming na ang mga apektado ng COVID-19.

SEC. ANDANAR: Ambassador, paki-describe lang po iyong testing at treatment centers diyan sa France. Sila ba ay well-equipped sa mga PPEs? Sila ba'y well-equipped sa mga testing kits o are they also facing the same dilemma, the same problem that we are here in the Philippines?

AMBASSADOR LAZARO: Maganda pong tanong iyan kasi noong nagsalita si President Macron nitong Lunes lang nang gabi, inamin niya na hindi handa ang Pransiya dito sa pandemic na ito. Which means na kinakailangan din nila ang mga mask, ang mga PPEs, sitwasyon na parang kagaya din po natin at ito ay isang developed country. In fact, ngayon pa lang sila nagkakaroon ng mga—iyong mga manufacturers nila nakikipag-agawan din, mayroon ding nanggagaling sa China at mga iba pang mga bayan kasi kailangan na kailangan din nila.

In other words, ang sagot po sa tanong ninyo ay pareho tayo ng sitwasyon although nakakabangon at medyo nauna sila sa atin ng mga preparasyon nang kaunting panahon lang, pero they're still coping. Medyo hirap na hirap pa rin but they are coping very well.

SEC. ANDANAR: The French healthcare system also requires foreigners or iyong mga dayuhan na nagtatrabaho at naninirahan sa France nang higit sa tatlong buwan to have coverage as well. Masasabi po bang ang Filipino migrants at workers sa France ay mayroong kaparehong privilege at healthcare service sa mga native French people?

AMBASSADOR LAZARO: Ang isang documented na Pilipino ay usually provided ng insurance, so ito po ang magko-cover sa kaniya. Ang ang undocumented po, ito pong gobyerno dito ay medyo talagang kumbaga eh very generous, so mayroon po silang ... may tinatawag po silang Aide Médicale. At ito naman po ay ... sila po ay nabibigyan ng libreng mga gamot, or if needed, kung surgery ibinibigay po iyon nang libre ng French Government.

Ito lang hong pagkakataon na ito sa COVID-19 na medyo talaga ho overwhelmed with their citizen, so sinasabi na natin sa mga kababayan natin na ingat-ingat at stay home kasi ito lang po ang magiging solusyon to protect ... para maprotektahan ang sarili.

SEC. ANDANAR: Ambassador, mayroon po ba kayong mensahe na nais ipaabot sa ating mga kababayan na hindi lang naninirahan diyan sa France kung hindi pati iyong mga kamag-anak nila dito sa Pilipinas?

AMBASSADOR LAZARO: Gusto ko pong ipagbigay-alam na so far, ang ating mga kababayan dito ay so far nasa magandang kalagayan although may iba po tayo talagang medyo naaapektuhan at iilan-ilan lang po. Mayroon po sila ditong mga pangangailangan kagaya ng mga certain food provisions dahil nga po medyo nawalan ng trabaho ang karamihan pero mayroon po tayong mga members ng Filipino community na nagtutulung-tulong para mabigyan sila ng provisions nila lalo

na po doon sa south of France, sa Cannes, sa Nice. Hindi na ho namin maabot iyan dito sa embassy pero mayroon po tayong mga Filipino community, the Church na nagtutulung-tulong po.

Mayroon po silang mga alang-alang [*agam-agam*] kagaya ng mga renta nila na hindi mababayaran. Dito po sa France may batas na tinatawag nilang *trêve hivernale* which means na walang karapatan ang nagpaparenta na paalisin ang isang tao hanggang May 31st; hindi nila puwedeng putulan ng utilities. So ito po ay nakakatulong sa karamihan ng ating mga kababayan dahil may batas na ito sa French government na hindi puwedeng paalisin, iyan po ay batas.

So may iba po rin naman na nagpapasabi na gusto nila ng repatriation, kami naman po ay handa. We are coordinating with our POLO, labor attache sa—wala nga lang pong labor attaché dito sa Pransya. Nakikipag-ugnayan po kami sa labor attaché sa Madrid, and they've been very helpful.

Secretary, gusto ko lang pong idagdag, mayroon din po kaming mga sea-based, mga cruise liners na medyo napadpad dito sa France. May isa dito na Celebrity Apex, may about 280 Filipinos, nasa Saint-Nazaire which is in the west, malapit po sa Atlantic Ocean. Mayroon po tayong Costa Esmeralda na may 590 Filipinos; at mayroon tayong MSC Magnifica, may mga 85 Pilipino. Ito po naman ay in coordination with POLO sa Madrid, kami po naman ay nagko-coordinate with the French authority para po sa kanilang immediate repatriation. Siguro po ang repatriation ng ating mga sea-based Filipinos, siguro po mangyayari ito sa mga darating na araw.

SEC. ANDANAR: Thank you very much for your time, Ambassador Ma. Theresa Lazaro. Magingat po kayo diyan, ma'am. Mabuhay po kayo.

AMBASSADOR LAZARO: Marami pong salamat, Secretary. Mabuhay din po kayo at sa inyong palatuntunan. Salamat po.

USEC. ROCKY: Secretary Martin, muli naman nating makakausap ngayong araw si Presidential Anti-Corruption Commissioner Greco Belgica. Magandang araw sa iyo, Commissioner.

COMM. BELGICA: Magandang araw po, Sec. Martin, sir and ma'am Rocky, at saka sa lahat po ng nakikinig sa atin ngayon.

USEC. ROCKY: Nitong mga nakaraang interview namin sa inyo, Commissioner, nabanggit ninyo po na tuluy-tuloy po ang efforts ng inyong ahensya sa pagtulong sa ating mga kababayan na apektado ng ECQ. Bigyan ninyo po kami ng update dito, kumusta na po?

COMM. BELGICA: We've been receiving a lot of, of course, request, mga inquiries po para sa pagpapalinaw ng mga policies na inilalabas ng IATF. So we've been interviewing and giving resources iyong from the Cabinet members and official statements and releases ng IATF binibigay ko din sa mga tao. At the same time, we've been helping out po doon sa—ang dami ho talagang humihingi ng mga pagkain, ganiyan, mga PPEs. So in our own little way with friends and in the office, we've been helping out as much as we can.

But ang medyo tumaas po ang aming puna, ang dami hong mga tanong at mga lumalabas na reports na karamihan po dahil lang hindi alam iyong mga policies. So, ang ginawa po namin sa PACC ay naglunsad po kami ng isang hotline number at saka mga platforms on the internet so that our people can report to us and we can coordinate and bring this up to the agencies dahil marami naman po dito dahil lang hindi alam iyong sistema. Akala nila—for example, akala nila walang mga Social Amelioration Cards doon sa kanila; hindi po nila alam is ay mayroon palang mga categories – number one, number two. Hindi naman talaga—like iyong mga senior citizens

for example, hindi naman talaga kailangang bigyan ng Social Amelioration Card iyon dahil nakapasok na po kaagad sila automatically.

So iyong mga implementation po, marami pong mga frontliners po natin ang nagre-report po sa amin tungkol doon sa mga pangangailangan nila or doon sa mga problema nila. So we decided to launch this platform para ma-reach kami through mobile phone, telegram, Viber, Facebook ng PACC and our office po. Ang staff ng PACC, they are organized to receive reports and endorse it to proper agencies para ho magkatulungan.

USEC. ROCKY: Commissioner, puwede bang banggitin natin ang hotline ninyo para makatawag iyong ating mga kababayan na may gustong idulog sa inyo at saka ano pong klaseng mga reklamo ang puwedeng itawag sa inyo ng ating mga kababayan?

COMM. BELGICA: They can email us at pacc.complaints@gmail.com. They can text us or send us Viber or telegram at 0906-6927-324; or you can reach us at Facebook, sa facebook.com/pacc.gov.ph.

COMMISSIONER BELGICA: Right now po, because we are in coordination, in connection with the frontline agencies, nagbuo na po kami ng task group. Kasama po namin ang DSWD, DOH, ang Customs, ang FDA. Iyong mga ECQ related concerns—pati pala PNP, LGU ay kasama po namin. So for LGUs at saka mga barangay complaints or reports, puwedeng ipadala sa amin and we will endorse this to the proper agencies para agaran naman pong maaksiyunan. Dahil at this point hindi naman po para maging antagonistic ang PACC, ang PACC po ay nakikiisa sa pamahalaan at sa lahat ng opisina ng gobyerno at gusto pong tumulong at tumutulong ngayon by giving reports na, you know, you can go directly to the other agencies. But if you feel comfortable in your reporting to us, please do so; we will respond and coordinate right away. On a daily basis po, nag-i-endorse at mag-i endorse na po kami ng mga reports.

SEC ANDANAR: Greco, bukod diyan sa programa natin sa PACC ay mayroon ka ring personal na adbokasiya at ito iyong—actually, napansin ko lang ito—talagang nangangampanya ka na kailangang magsimula na tayong magtanim sa ating mga bakuran.

COMMISSIONER BELGICA: Tama po, Sec. You know, COVID and other pandemics will always be there, we can only minimize this, pero we really have to start planting our own food in the backyards. Opo, nagsimula na ako. You know, puwede po kayong maglagay ng malalaking paso and then start planting – Department of Agriculture will help.

Right now, mayroon po kaming ginawang parang misyon, kasama po Senator Bong, Secretary Martin, Department of Agriculture Secretary William Dar, DAR Secretary John Castriciones, especially for people here in the Metro Cities, sa Metro Manila. We will be launching a backyard farming mission – in 30 days, makakaani na po kayo; hindi na po kayo mamroblema sa pagkain. In 20 to 30 days, umani na tayo; bibilhin mo na lang bigas. In that way, solved na po kaagad ang problema natin sa gutom. And even after COVID, after we get out of this, wala ka nang problema sa pagkain.

You know, these are God-given resources available for us in the Philippines, especially na malawak ang tubig, malawak ang lupain, that we all get into. So, iyan po sa ating mga kababayang nakikinig, it's time to go back to God-given resources – land and water – and we will all survive this.

SEC. ANDANAR: All right. Maraming salamat sa iyong panahon, Greco. At mabuhay ka Commissioner Greco mula sa Presidential Anti-Corruption Commission. Mabuhay po kayo muli.

Para naman pag-usapan ang supply ng bigas sa bansa sa gitna ng umiiral na extended Enhanced Community Quarantine, makakapanayam natin si NFA Administrator Judy Carol Dansal. Magandang umaga po sa inyo, Ma'am.

ADMIN. DANSAL: Magandang umaga, Secretary at Usec. Rocky.

SEC. ANDANAR: Ma'am Judy, I'm sure the biggest question there is, for NFA: Sapat po ba ang supply ng bigas natin sa ating bansa at kaya ba nitong i-sustain ang pangangailangan ng ating mga kababayan sa gitna ng extended ECQ?

ADMIN. DANSAL: Opo, sir, kaya po natin na ma-sustain ang mga pangangailangan ng ating mga kababayan sapagkat po sa ngayon po ay mayroon po tayong malaking volume ng ating stockpile sa National Food Authority, at kaya po natin na pagbigyan po ang mga kailangan ng mga local government units.

Sir, kung NFA po lang ang magpapakain ng buong bansa, tayo po ay mayroon po tayong 11 days. Pero hindi naman po ganoon ang sitwasyon, sir, kasi mayroon namang sumasagot ng 90% ng ating mga pangangailangan ng rice consumption ng mga commercial rice traders. Sa ngayon, sir, gusto ko lang ipaalam sana na ang talagang partisipasyon ng NFA sa mga consumption ng mga kababayan po natin ay 10% lang. Pero sa ngayon po dahil sa COVID ay naging 17.31% at ito po ay masyadong malaki. Pero ganunpaman, sir, mayroon pa po tayong sapat na stock inventory.

SEC. ANDANAR: Okay. Ngayon po, Administrator, paano maaaring makatulong po iyong commercial rice providers dito? Kung talagang, halimbawa, ay ma-extend pa ito nang ma-extend, ano po ang dapat gawin?

ADMIN. DANSAL: Sir, ang mga commercial rice traders po natin ay sana ipagpatuloy po nila ang pag-angkat po nila ng bigas – importation. At saka iyong pagbebenta sana, iyong mga naipapasok na nilang bigas po ay sana ay iyong reasonable lang po iyong kanilang mark ups, nang sa ganoon po ay makapagtulong kaming dalawa para sa pagsu-supply sa kailangan ng ating mga kababayan.

SEC. ANDANAR: Paano po makikipag-coordinate ang NFA sa IATF? At ano po ang main function na ginagampanan ng inyong ahensiya sa task force na ito ng pamahalaan?

ADMIN. DANSAL: Sir, ang ginagawa po namin sa ngayon bilang miyembro ng ating task force na IATF po, sir, ay nagbibigay kami ng impormasyon linggu-linggo, kung minsan kinakailangan araw-araw po sa mga katayuan po ng ating mga kailangan ng mga LGUs.

At ang pakikipag-ugnay po namin sa kanila ay kung anuman ang mga challenges na nai-encounter namin sa pagde-deliver ng bigas galing po sa mga probinsiya na nagsu-supply ng bigas, lalo na dito sa NCR at kami po, sir, ay nakaranas na ng maraming – ano ba iyon? – maaaring pangharang po sa mga trucks na nagdadala po ng bigas ng NFA. Pero sa pakikipag-ugnay namin ng regularly with the IATF, the DILG at pagpapatupad po, sir, sa kanilang mga utos ay nabigyan po nang mabilis na pagpaparating ang mga bigas dito sa Metro Manila at ang pakikipag-ugnay po namin sa mga rice millers natin, sapagkat po ang level of inventory ng NFA po ay bigas at saka palay po na binili natin sa ating mga local farmers.

USEC. IGNACIO: Ma'am, ano po iyong mga challenges ng mga rice millers natin sa gitna po ng Enhanced Community Quarantine? And ano naman po iyong tulong na ibinibigay ninyo, ng NFA sa kanila?

ADMIN. DANSAL: Ma'am Rocky, magandang umaga po. Ang aming naitutulong sa mga rice millers po ay sa kanilang mga pagsubok na naranasan po nila ay una po, ma'am, ay iyong mga inutos ng ating DILG at local government units na mag-lockdown din po sa kanilang mga barangay, sa kanilang mga regulatory powers na ibinigay nila sa kanilang boards ay na-prohibit po at napagbawalan na lumabas po ang mga trabahador ng mga rice millers.

So noong last week po ay nakipag-ugnay ako sa mga rice millers diyan po sa Nueva Ecija at Bulacan, at kami po ay nag-usap noong linggo at inalam ko po ang kanilang problema. So ang problema po nila, ma'am, ay hindi pa po pumapasok ang mga trabahador nila.

So ang ginawa po namin na intervention po ay nag-isyu po kami ng ID. Hiningi po namin ang mga listahan ng mga employees ng mga millers, nag-isyu po kami ng ID na mayroon pong seal ng IATF nang sa ganoon ay payagan silang makalabas. At iyong list ng mga employees ay binigay po namin, ma'am, sa mga barangay chairman at local governments para sa ganoon payagan po nilang lumabas.

So ang aming ginagawa po ay ipinapaalam po sa IATF na kami din ay linggu-linggo nagra-rice caravan na pumapasok sa NCR at ipinapakita natin sa media nang sa ganoon po ay mawala po ang takot ang ating mga kababayan.

USEC. IGNACIO: So, ma'am, kumusta po iyong ginagawa ninyong caravan ngayon? At saan-saan kayong mga lugar umiikot? Inuuna po ba ninyo iyong mga lugar na nagkakaroon talaga ng malaking pangangailangan?

ADMIN. DANSAL: Sa ngayon, ma'am, hindi ako makaalis sa Manila. Pero ang napupuntahan ko lang po iyong malapit lang dito, katulad ng Bulacan, Nueva Ecija at dito sa south po sa area ng Batangas, Laguna sapagkat po kailangan nating suportahan iyong ating mga regional offices at natutulongan po natin sila.

Sa rice caravan, ma'am, noong unang rice caravan ay marami ang pumasok kasi wala pang masyadong lockdown iyong mga provincial LGUs kaya 30,000 bags ang naipaparing nila. Tapos noong naging 17, tapos noong kahapon po, 14 lang po because of the report of the regulation na inutos ng ating mga barangay. Pero po sa pakikipag-ugnayan po namin ay inaasahan po namin na this week ay dadami na po at tuluy-tuloy po na magpapasok po kami ng bigas dito sa ating NCR po.

USEC. IGNACIO: Opo. So, ma'am, tinitiyak po ng NFA na ang bansa po ay may sapat na supply at abot-kayang halaga ng bigas?

ADMINISTRATOR DANSAL: Opo, ma'am. Hindi lang sapat, sobra.

USEC. IGNACIO: Okay. Maraming salamat po, NFA Administrator Judy Carol Dansal. Magandang araw po.

ADMINISTRATOR DANSAL: Maraming salamat, Secretary and Usec. Rocky, sa inyong pag-imbata at maipaalam natin sa ating mga kababayan na sila po ay hindi dapat mag-alala.

SEC. ANDANAR: Maraming salamat pong muli, ma'am. Rocky, kasama rin natin si Assistant Secretary Celine Pialago mula sa MMDA. Celine, magandang umaga sa iyo.

ASEC. PIALAGO: Magandang umaga, Secretary Andanar at Usec. Rocky. At sa lahat po ng nanonood at nakikinig sa atin ngayon, magandang umaga po.

SEC. ANDANAR: Ang MMDA, kasama ang Office of the Civil Defense, ay mangunguna sa proper disposition ng COVID-19 dead bodies. Ano po ang initial plan ng MMDA?

ASEC. PIALAGO: Secretary Andanar, with this new directive po from the Office of Secretary Galvez, ang magiging posisyon po ng MMDA dito, we'll try to bridge the gap between LGUs, hospitals and crematory services. So, sir, ang MMDA po will not be responsible in terms of collecting, transporting and disposing po of the dead bodies na mula po sa COVID-19 na casualties po natin.

So on Thursday, Secretary, magkakaroon po ng meeting with DILG, representatives of different funeral services and crematory services para mapag-usapan po iyong logistics, kung ano po iyong magiging expectations, limitations and iyong mga suggestions po mula po sa kanilang hanay, Secretary.

SEC. ANDANAR: Okay. So kailan eksaktong inaasahan o aasahan dapat namin na mailabas ang guidelines tungkol dito, Celine?

ASEC. PIALAGO: Well, sir, after Thursday meeting po 'no, most probably po the day after that meeting, makakapaglabas na po tayo ng proper guidelines on how to effectively and efficiently manage the dead bodies po 'no. Mainam lang po, Secretary, na maliwanag na physically hindi po MMDA ang hahawak po sa mga labi ng COVID-19 casualties. Pero ho, tayo ay magsisilbing coordinating agency dahil po nakaka-encounter po ng iba't ibang problema ang mga local government at mga hospital kagaya po ng delayed release ng death certificate. Iyong iba pong namamatay sa isang ospital kung saan hindi naman po doon siya nakatira, so kailangan po may lead agency nag magko-coordinate po between LGUs, hospitals and crematory services.

USEC. IGNACIO: Opo. Asec. Celine, so bilang coordinating agency, ano ang magiging proseso ng pag-dispose ng mga pumanaw na po?

ASEC. PIALAGO: Well, Usec. Rocky, ang mangyayari po, mapag-uusapan po iyan 'no sa meeting natin on Thursday. So lahat po ng limitations, sa usapin po ng aming ahensiya ay mapag-uusapan. Pero, ma'am, isa lang po ang sigurado diyan – ang ospital pa rin po ... [LINE CUT]

USEC. IGNACIO: Nawala sa linya si MMDA Assistant Secretary Celine Pialago. Maraming salamat po. Siya rin po ang tumatayong Spokesperson ng MMDA. Salamat po.

SEC. ANDANAR: All right, Rocky, nagpapabati din sa atin ang DWIZ. Araw-araw daw silang nag-simulcast sa ating programa dito sa Public Briefing.

USEC. IGNACIO: Yes, Secretary. Batiin din natin iyong ating mga kasama, iyong DZEM, iyong sa INC. Ang Manila Bulletin Online, naghu-hookup din po sa atin, salamat po sa inyo. Ang Abante, ang CNN Philippines, ang TV5 ay kasama po natin sa paghahatid ng impormasyon.

SEC. ANDANAR: DWWW ... 774 DWWW, magtatampo sa iyo si Boss Enrico Canoy. RMN, sino ba pa? Nandito rin iyong Brigada News FM.

USEC. IGNACIO: Ang Bombo Radyo, iyong Star FM daw po ng Bombo Radyo.

SEC. ANDANAR: Oo, malakas iyong Star FM, iyong [unclear] TV at saka iyong Radyo Natin ng DZRH. Ang dami ... ang haba-haba nito. Aksyon Radyo Dagupan, ang One PH saka Radyo Singko eh naka-hookup din sa atin. DZBB, of course, na nabanggit na natin kanina ito; Radyo Bandera.

USEC. IGNACIO: Salamat po sa inyo. Makikibalita naman tayo Secretary sa Cordillera Region kasama si Breves Bulsao. Magandang araw sa'yo, Breves.

[NEWS REPORTING BY BREVES BULSAO]

SEC. ANDANAR: Maraming salamat Breves Bulsao ng PTV Cordillera. Ngayon naman ay makibalita tayo sa Davao Region kasama si Regine Lanuza. Go ahead, Regine.

[NEWS REPORTING BY REGINE LANUZA]

USEC. IGNACIO: Maraming salamat sa iyo, Regine. Silipin din natin ang pinakahuling ulat mula naman po sa Visayas kasama natin si John Aroa. John?

[NEWS REPORTING BY JOHN AROA]

SEC. ANDANAR: Maraming salamat, John. Live na live pa rin po tayong napapanood sa PTV at napapakinggan sa Radyo Pilipinas, kasama po ang ating mga kaibigan sa Brigada News FM Philippines, the Brigada News Network, mga kaibigan natin diyan sa Brigada News FM GenSan, si Atty. Khan(?) Magandang tanghali sa inyo.

Alamin naman natin ang mga nakalap na balita ng Philippine Broadcasting Service kasama so John Mogol. Go ahead, John.

[NEWS REPORTING BY JOHN MOGOL]

[NEWS REPORTING BY MILDRED COQUIA]

[NEWS REPORTING BY NANCY MEDAVILLO]

USEC. IGNACIO: Okay. Maraming salamat John Mogol ng Philippine Broadcasting Service.

Tuluy-tuloy pa rin po ang ating pagtutok sa efforts na ginagawa ng mga private sector para po makatulong sa ating pamahalaan sa pagsugpo sa COVID-19. Kabilang na po dito ang simbahan, panoorin po natin:

[VIDEO PRESENTATION]

USEC. IGNACIO: Maraming salamat po sa ating mga nakasama ngayong araw, ang ating mga panauhin at ang ating partner agencies sa paghahatid po ng balita't impormasyon – ang Philippine Information Agency, Philippine Broadcasting Service, PTV Cordillera, PTV Davao, PTV Cebu at ang Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas.

SEC. ANDANAR: Maraming salamat din sa Filipino Sign Language Access Team for COVID-19 sa inyong araw-araw na suporta sa ating programa, mabuhay po kayo. At diyan po nagtatapos

ang ating programa para sa araw na ito, ikalabinlima sa buwan ng Abril. Manatiling nakatutok sa aming pinakahuling balita tungkol sa COVID-19 sa bansa, gayun din po ang walang tigil na pag-aksiyon ng inyong pamahalaan upang masugpo ang krisis na ito.

Ako pong muli ang inyong lingkod, Secretary Martin Andanar mula sa Presidential Communications Operations Office.

USEC. IGNACIO: Ugaliin pong magtanong at makialam sa ating talakayan tungkol sa COVID-19. At tandaan po, atin pong maiiwasan ang paniniwala at pagkalat ng fake news. Mula rin po sa Presidential Communications Operations Office, ako naman po si Usec. Rocky Ignacio.

SEC. ANDANAR: Hanggang bukas pong muli dito sa Public Briefing #LagingHandaPH.

###

--

News and Information Bureau-Data Processing Center